# Mga Espesyal Na Benepisyo Para Sa Ilang Mga Beterano Ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

2009

Maaaring makatanggap ng mga espesyal na benepisyo ang ilang mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kabilang sa mga ito ang mga beteranong naglingkod sa militar ng Estados Unidos mula 16 ng Septiyembre, 1940, hanggang 24 ng Hulyo, 1947. Kabilang rin dito ang mga beteranong Pilipino na naglingkod sa itinatag na militar ng Pilipinas mula 26 ng Hulyo, 1941, hanggang 30 ng Disyembre, 1946 (habang napapailalim sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos ang mga lakas na iyon). Ang mga espesyal na benepisyo para sa mga beterano ay matatanggap sa mga buwan na nakatira sa labas ng Estados Unidos ang mga kuwalipikadong beterano.

## Sino ang kuwlipikado?

Dapat ninyong masapat ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan para maging kuwalipikado para sa mga espesyal na benepisyo para sa mga beterano:

- 65 taong gulang o mas matanda sa 14 ng Disyembre, 1999;
- Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig natulad ng inilalarawan sa itaas;
- Karapat-dapat makatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) para sa Disyembre, 1999;
- Karapat-dapat makatanggap ng SSI para sa buwang nag-aplay kayo para sa mga espesyal na benepisyo para sa mga beterano; at
- Tumatanggap ng mga iba pang benepisyo na wala pang 75 porsiyento ng kasalukuyang halaga ng SSI na mula sa gobyerno pederal.

Hindi maaaring ibayad itong benepisyo sa mga sustentado o naiwan ng beterano.

## Kailan magsisimula ang mga benepisyo?

Kung kuwalipikado kayo, tatanggap kayo ng mga benepisyo sa unang araw ng buwan para sa bawat buwan na naninirahan kayo sa labas ng Estados Unidos.

## Kailan magwawakas ang mga benepisyo?

Magwawakas ang mga benepisyo kung:

- Sasabihin ninyo sa amin na hindi na ninyo tinuturing na naninirahan kayo sa labas ng Estados Unidos.
- Dumalaw kayo sa Estados Unidos at nanatili nang mas matagal sa isang buong buwan sa kalendaryo. Halimbawa, kung dumating kayo sa Estados Unidos sa 15 ng Enero, magwawakas ang inyong mga benepisyo sa 1 ng Marso.
- Dumalaw kayo sa Estados Unidos at nagdesisyon kayong manatili sa Estados Unidos. Magwawakas ang inyong mga tinatanggap na benepisyo simula sa kung alinman sa mga sumusunod ang mauuna:
  - —Ang buwang sumunod sa buwan na nagdesisyon kayong manirahan sa Estados Unidos; o
  - —Ang buwang sumunod sa unang buong buwan sa kalendaryo na kayo ay nasa Estados Unidos.

## Kung magkano ang mga espesyal na benepisyo para sa mga beterano

Alinsunod sa batas, hindi maaaring humigit sa 75 porsiyento ng kasalukuyang halaga ng SSI na mula sa gobyerno pederal ang halaga ng mga buwanang espesyal na benepisyo para sa mga beterano. Para malaman kung magkano ang inyong mga buwanang espesyal na benepisyo para sa mga beterano, kinukuha namin ang 75 porsiyento ng kasalukuyang SSI na mula sa gobyerno pederal at binabawas ang halaga ng mga iba pang benepisyong tinatanggap ninyo para sa buwan.

Simula Enero, 2009, $674 ang kasalukuyang halaga ng SSI na mula sa gobyerno pederal. Nangangahulugang kailangang mas mababa pa sa $505.50 (75 porsiyento ng $674) ang kabuuan ng mga iba pang benepisyong tinatanggap ninyo upang makatanggap kayo ng mga espesyal na benepisyo para sa mga beterano.

Ang tinuturing na “mga iba pang tinatanggap na benepisyo” ay ang anumang mga paulit-ulit na palaging tinatanggap na pera, tulad ng mga annuity, pensiyon, mga benepisyong para sa pagretiro o pagkabaladado.



(kabila)

## Ang mga kailangan ninyong ibigay sa amin

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng klase ng mga impormasyon na maaaring kailangan ninyong ibigay:

- Katibayan ng kapanganakan;
- Katibayan ng mga iba pang tinatanggap na pera;
- Katibayan ng inyong paglilingkod sa militar noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tulad ng discharge papers mula sa militar ng Estados Unidos (DD Form 214) na nagpapakita ng honorable discharge;
- Katibayan ng paglilingkod sa mga itinatag na lakas ng Commonwealth ng Pilipinas; at
- Katibayan ng paninirahan sa isang bansa na hindi ang Estados Unidos.

## Ang pagkontak sa Social Security

Kontakin ang Tanggapan ng Social Security sa inyong lugar para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aplay para sa mga benepisyo. Kung nasa Pilipinas kayo, kontakin ang SSA Division ng Veterans Affairs Regional Office sa Maynila, 1131 Roxas Boulevard, Ermita 0930 MANILA.

Kung nakatira kayo sa Mexico, kontakin ang pinakamalapit na tanggapan ng Social Security ng Estados Unidos o ang embahada o konsulado ng Estados Unidos.

Makipagbigay-alam sa pinaka-malapit na tanggapan ng Social Security kung ikaw ay nakatira sa American Samoa, Guam, Puerto Rico ng U.S. Virgin Islands. Kung ikaw naman ay nakatira sa British Virgin Islands, Canada o Samoa, maari ka ring makipagbigay-alam sa tanggapan ng U.S. Social Security.

Kung nakatira kayo sa mga iba pang bansa, kontakin ang pinakamalapit ng embahada o konsulado ng Estados Unidos.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10157-TL
Special Benefits For Certain World War II Veterans (Tagalog)
January 2009